*MALAY 31 (2) 2019, pp. 1-20*

# Tinig Mula sa Ilang: Pag-uugat ng mga Praktis at Paniniwala ng Kilusang Propetikong Adbentista (KPA) sa Kalinangang Pilipino /

# *Voice from the Wilderness: Tracing Prophetic Advent Movement's (PAM's) Beliefs and Practices to the Filipino Culture*

Palmo R. Iya
De La Salle University-Dasmariñas, Philippines
priya@dlsud.edu.ph

Isang milinaryang samahan ang Kilusang Propetikong Adbentista (KPA) na lumabas sa Iglesyang Seventh Day Adventist (SDA) noong mga taong 1990 dahil sa paniniwalang tumalikod na ang madre iglesia na SDA sa mga pamantayan at mensahe na ipinagkaloob sa kaniya bilang "bayan ng Diyos." Ibinenta ng mga kasapi ng KPA ang kanilang mga ari-arian, nilisan ang kanilang mga trabaho, pinatigil ang kanilang mga anak sa pag-aaral, at nanirahan sa mga kabundukan sa paniniwalang magwawakas na ang mundo at darating na ang inaasahang "Tagapagligtas" noong taong 2000-2002. Sa hindi pagkatupad ng pinaniniwalaang tagna o propesiya, nagkaroon ng re-interpretasyon ang grupo sa pag-aaral ng mga mensahe lalo na ang may kinalaman sa mga tagna. Nakabuo sila ng mga mensahe, paniniwala, at praktis na may pagkakaiba na sa kinagisnang doktrinang SDA at nang lumao'y tumuntong din sa lokal/katutubong paniniwala, praktis at kamalayan. Pangunahing layunin ng saliksik na ipakita ang pag-uugat ng mga praktis at paniniwala ng KPA sa kalinangang Pilipino partikular na sa kanilang bagong sistema ng pagsamba at pagpupuri sa Diyos. Sa pagsasakatuparan ng layuning ito, hindi lamang metodolohiyang pangkasaysayan ang ginamit kundi maging etnograpiko, penomenolohikal, at lingguwistikong pamamaraan para mahugot ang pag-uugat ng kilusan sa kalinangang Pilipino. Ipinakita ng pag-aaral na hindi lamang naganap/nagaganap ang pagsasakonteksto at pag-aangkop ng mga paniniwala sa loob ng Simbahang Katolika kundi naganap/nagaganap din ito sa loob mismo ng iba pang relihiyon o denominasyon gaya ng Iglesyang SDA. Nagpapatunay lamang ito na hindi maaaring ihiwalay ang relihiyon o paniniwala sa kasaysayan at kultura ng mga tao.

**Mga Susing Salita:** Kilusang Propetikong Adbentista (KPA), Iglesyang Seventh Day Adventist (SDA), kalinangang Pilipino, praktis, paniniwala

Copyright © 2019 by De La Salle University

*Prophetic Advent Movement (PAM) is a millenarian group that separated from the Seventh Day Adventist (SDA) Church during the 1990s due to its claim that the mother church had already deviated from the standards of being the "true church of God." Its members sold their properties, left their jobs, stopped the schooling of their children, and finally lived in the mountains believing that in the years 2000-2002, the world will end and "Christ" will come again. As their prophecy failed, a re-interpretation of their messages and prophetic studies emerged. This gave birth to the creation of PAM's beliefs and practices which differ from that of the SDA Church and later on blended with the traditional Filipino belief system and culture. This study primarily aims to trace PAM's beliefs and practices to the Filipino culture particularly on its new system of worship. To meet this objective, not only historical but also ethnograhic, phenomenological, and linguistic approaches were used. This paper discloses that contextualization or indigenization of belief system does/did not only exist inside the Catholic Church but also in other religious denominations like the Seventh Day Adventist Church. It only affirms that religion or any belief system cannot be separated from the history and culture of the people.*

***Keywords:*** *Prophetic Advent Movement (PAM), Seventh Day Adventist (SDA) Church, Filipino culture, practice, belief*

## Panimula


Noong mga taong 1990, nayanig ang maraming kasapi ng Iglesyang Seventh-day Adventist (SDA) sa Pilipinas nang may dumating na malalayang mangangaral na SDA mula sa Estados Unidos at nagbigay ng mga tuwirang mensahe na ang Iglesyang SDA diumano sa pamamagitan ng mga lider nito ay tumalikod na sa orihinal na mensaheng ipinagkatiwala ng Diyos sa kaniya bilang "huling nalabing iglesya." Na ang mga pinuno, ministro, at pastor ng iglesya ay lumayo na raw sa pundasyon ng turo ng SDA pioneers kung kaya't ang magpatuloy sa pakikinig at pagsunod sa mga lider, ministro, at pastor ng nasabing iglesya ay nangangahulugan lamang ng ikapapahamak ng kaluluwa.

Ayon sa salaysay ni Bro. Jonathan Urita (2014), ang kinikilalang pinuno ng Kilusang Propetikong Adbentista (KPA), noong nagkaroon ng mga sunod-sunod na camp meeting na dinaluhan ng mga kaanib ng Iglesyang SDA, kapansin-pansin diumano na ang mga lumang mensahe at orihinal na katuruan ng Iglesyang SDA na hango mismo sa mga aklat at sulatin ni Ellen G. White ang ibinahagi sa kanila ng mga mangangaral na galing sa Amerika. Noon lamang daw nila narinig at nalaman na may ganoon palang mga pabalita at mensahe ang Iglesyang SDA. Tinawag nilang mga "mensahe ng revival at reformation" sa loob ng Iglesya o kaya'y present truth na kailangang malaman at maisabuhay raw ng bawat kaanib na SDA upang makapaghanda sa pinaniniwalaang malapit nang pagdating ni Kristo.

Naninindigan ang KPA na ang grupo nila ay pinangungunahan ng Diyos at siyang "pinili at nalabing iglesya" upang ituro ang pagrereporma sa magiging kasapi ng "huling bayan" ng Diyos sa huling panahon. Yamang pinaniniwalaan nilang tumalikod na ang kanilang madre iglesia, kanilang ipinangaral na kailangang lisanin na ng mga tapat na SDA ito upang maging lubos ang pagdadalisay ng kanilang mga buhay bago dumating ang pinaniniwalaang "Tagapagligtas." Sa KPA, kailangan sa pagdadalisay ang mga sumusunod na pamantayan: 1. paninirahan sa kabukiran o kabundukan (country living); 2. repormang pangkalusugan (health reform); 3. tamang pangingilin ng sabbath (sabbath reform); 4. pag-iwan sa trabaho; 5. pagbenta ng mga ari-arian; at 6. pagpapatigil ng mga anak sa pag-aaral upang makapaghanda sa pagdating ni Kristo. Naniniwala rin silang hindi na dapat mag-organisa bilang isang legal na samahan at katulad diumano ng mga alagad, wala silang kikilalaning pinuno maliban kay Kristo, dahilan upang hindi na nila hinangad na irehistro pa sa Securities and Exchange Commission (SEC) ang kanilang samahan.

Nanirahan sa mga kabundukan ang mga naging kasapi ng kilusan at iprinoklama ang pagtatapos ng sanlibutan noong taong 2000 at ang ikalawang pagbabalik ng inaasahang "Tagapagligtas." Ibinenta nila ang kanilang mga ari-arian tulad ng mga lupain, mga bahay, palaisdaan, mga kalabaw, at mga sasakyan. Umalis sila sa mga trabaho at ipinatigil ang pag-aaral

ng kanilang nga anak. Gayumpaman, sa kabila ng pagkabigo, nanatili sa kabundukan ang mga tapat sa simulain ng kilusan at doo'y nakagawa sila ng maliliit na pamayanang nakabase sa pagtatanim at panggagamot gamit ang mga natural na pamamaraan. Matatagpuan ang mga pamayanang ito sa Samil, Lukban, Quezon; Alsam Ibaba, Tayabas, Quezon; White Cliff, Mulanay, Quezon; San Francisco, Aurora, Quezon; Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur; at Sitio Malani, Brgy. Anupul, Bamban, Tarlac. May mga pamayanan din sa Romblon, Masbate, Mindoro, Negros, Palawan, Agusan del Sur, Surigao del Sur, at Davao. Tunghayan ang Mapa 1 na nagpapakita ng mga nanatiling pamayanan/pulutong ng KPA sa Pilipinas at ang Tsart 1 na siyang profile ng nakapanayam na 25 prominenteng kasapi ng KPA sa tatlong mga pamayanan nito sa Luzon: 1. Alsam Ibaba, Lungsod Tayabas, Quezon; 2. Sitio Malani, Brgy. Anupul, Bamban, Tarlac; at 3. Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur.




**Mapa 1: Mga Nanatiling Pamayanan/Pulutong ng Kilusang Propetikong Adbentista (KPA) sa Pilipinas**

- Pulang Tuldok – Tatlong Pamayanan ng KPA na Inobserbahan ng Mananaliksik
- Bughaw na Tuldok – Iba pang Nanatiling Pamayanan/Pulutong ng KPA sa Kasalukuyan

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Lugar ng Kapanganakan | Luzon<br><br>10 | Visayas<br><br>15 | Mindanao<br><br>0 | | |
| 2. Edad | 25 – 35 taong gulang<br><br>2 | 36 – 45 taong gulang<br><br>9 | 46 – 55 taong gulang<br><br>9 | 56 – 65 taong gulang<br><br>4 | 66 – 75 taong gulang<br><br>1 |
| 3. Marital Status | May-asawa<br><br>23 | Walang- asawa<br><br>1 | Biyuda/Biyudo<br><br>1 | | |
| 4. Pinakamataas na Edukasyong Nakamit | Elementarya<br><br>6 | Sekundarya<br><br>10 | Kolehiyo<br><br>9 | Gradwado<br><br>0 | Post-Gradwado<br><br>0 |
| 5. Kinagisnang Relihiyon Bago naging SDA | Romano Katoliko<br><br>10 | SDA<br><br>14 | INC<br><br>1 | Atbp.<br><br>0 | |
| 6. Bilang ng Taon na naging Kasapi ng Kilusan | 10 – 15 taon<br><br>1 | 16 – 21 taon<br><br>24 | | | |
| 7. Trabaho Bago Naging Kasapi ng Kilusan | Magsasaka<br><br>15 | Negosyante<br><br>1 | Nag-oopisina<br><br>5 | Guro<br><br>1 | Mangangaral ng Iglesyang SDA<br><br>5 |
| 8. Trabaho sa Kasalukuyan | Magsasaka<br><br>25 | Mangangaral<br><br>25 | Manggagamot(Gumagamit ng natural na paraan)<br>17 | | |
| 9. Katungkulan sa Iglesyang SDA | Opisyal sa Iglesyang SDA<br><br>1 | Mangangaral o Lay Minister<br><br>8 | Karaniwang Kasapi<br><br>16 | | |
| 10. Dating Tirahan Bago sa Kabundukan | Kapatagan/ Bayan sa Batangas<br><br>7 | Kapatagan/ Bayan sa Cavite<br><br>8 | Kapatagan/ Bayan sa Rizal<br><br>2 | Kapatagan/Lungsod ng Maynila/Makati<br><br>4 | Kapatagan/Bayan sa Romblon/ Masbate<br><br>4 |
| 11. Ugnayang Pang-institusyon Bago Namundok | Adventist International Institute for Advanced Studies (AIIAS), Silang, Cavite<br><br>7 | Adventist University of the Philippines (AUP), Silang, Cavite<br><br>7 | Lian SDA Church, Lian, Batangas<br><br>5 | Manila Center SDA Church, Quezon City<br><br>1 | Mga Iglesyang SDA sa Romblon at Masbate<br><br>8 |

**Tsart 1: Profile ng Nakapanayam na 25 Prominenteng Kasapi ng KPA**

- Lider ng Kilusan (Bro. Urita) sa tahanan nito sa Alsam, Tayabas, Quezon noong ika-26 ng Disyembre 2014 – ika-2 ng Enero 2015. Hanggang sa kasalukuyan, dumadalo ang mananaliksik sa mga *Sabbath Fellowship* at *camp meeting* ng KPA at patuloy na nakikipanayam sa mga kasapi.
- Ilang Piling Kaanib ng Kilusan. Isinagawa ang mga panayam sa tatlong *country living sites* ng KPA: 1. Alsam, Tayabas, Quezon noong ika-26 ng Disyembre 2014 – ika-2 ng Enero 2015; 2. Sitio Malani, Bgy. Anupul, Dapdap, Bamban, Tarlac noong ika-26 ng Enero – ika-9 ng Pebrero 2015; at 3. Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur noong ika-22 ng Pebrero – ika-8 ng Marso 2015.

Sa turing ng pinuno ng KPA, umabot diumano sa 10,000 ang kanilang kasapian noong kasagsagan ng repormasyon sa Iglesyang SDA mula taong 1996 hanggang taong 2000. Subalit dahil sa mga krisis ng pagkabigo noong 2000 – 2003, humigit-kumulang 1,000 kasapi na lamang diumano ang nagpatuloy sa simulain ng kilusan.

Mula noong 2003, nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanilang mga praktis at paniniwala bunsod ng pagkatuklas sa mga pinaniniwalaang "bagong liwanag" na itinuturing nilang napapanahong katuparan ng mga tagna o propesiya sa "huling nalabing bayan" ng Diyos. Pangunahing layunin ng saliksik na ipakita ang pag-uugat ng mga praktis at paniniwala ng KPA sa kalinangang Pilipino partikular na sa kanilang bagong sistema ng pagsamba at pagpupuri sa Diyos.

## Pag-uugat ng mga Praktis at Paniniwala ng KPA sa Kalinangang Pilipino

Ang pag-aaral nina Delfo Cortina Canceran (1993) at Leonardo N. Mercado (1982) hinggil sa pananampalataya ay kapwa nagpapaliwanag na hindi maaaring ihiwalay ang relihiyon sa kasaysayan at kultura ng mga tao. Laging gumagamit ng pagsasakonteksto at pag-aangkop ang mga tao sa mga paniniwalang tinatanggap nila galing sa labas. Ang pananampalatayang Katoliko (kanluranin) at ang pagkilala kay "Kristo" ay inuunawa ng mga Pilipino (noon at ngayon) batay sa kanilang sariling kultura. Nagiging makabuluhan ang mga hiram na paniniwala sa pamamagitan ng paglalapat nito sa umiiral o nakagisnan nang sistema ng paniniwala. Ang modelong ito ang makapagpapaliwanag kung bakit may mga Pilipinong itinuturing si Jose Rizal bilang isang "Kristo," "Amang Bathala," o "Bathalang Hari." Sa lenteng historiko-kultural, ito ay manipestasyon na ang iba't ibang samahang Rizalista sa Pilipinas ay hindi lamang umimbento ng kanilang paniniwala bagkus ang mga ito ay may malalim na ugat sa tradisyonal na paniniwalang Pilipino na nakabatay sa Bathalismo, anituismo, at babaylanismo. Maging ang mga pag-aaral nina Prospero R. Covar (1961), Nilo S. Ocampo (2011), Floro C. Quibuyen (1991), Consolacion R. Alaras (1988), at Myfel Joseph D. Paluga (2000) sa iba't ibang samahang Rizalista sa bansa ay gumamit ng kontekstuwalisasyon at pagsasakatutubo ng mga kanluraning paniniwala.

Ang mga pag-aaral na ito na gumamit ng kontekstuwalisasyon at pag-aangkop ng mga paniniwala ay nakatuon lamang sa mga relihiyosong grupong naimpluwensiyahan ng pananampalatayang Katolisismo. Hindi nasaklaw ng mga nabanggit na pag-aaral ang kaso ng mga Protestanteng denominasyon gaya ng Iglesyang SDA. Gayumpaman, makatutulong ang mga pag-aaral na ito sa pag-unawa kung bakit ang KPA na nagtataglay ng *imported* na mga mensahe at paniniwala ay gumamit ng pagsasakonteksto at pag-aangkop sa mga nakuha nilang paniniwala galing sa *madre iglesia* na SDA dahilan upang pangatuwiranang nakatuntong o nakaugat nga ang mga praktis at paniniwala nila sa kalinangang Pilipino.

Tinurol ni Ramon C. Reyes (1973, 429-437) na may dalawang uri ng pagkilala sa pananaw-mundo ng mga Pilipino: 1. ang *vital thought*, at 2. ang *reflexive thought*. Sinasaklaw ng *vital thought* ang kaisipang nababalangkas ng mga alamat, kanta o awit, rituwal, wika, kuwentong-bayan, pananalinghaga, kasabihan, katutubong legal, politikal at relihiyosong alituntunin. Kabilang naman sa ikalawang uri, sa *reflexive thought*, ang pagsusuri, pagsasaayos, pangangatuwiran, at pamumula. Ginagamit ito upang pagkasunduin ang dalawa o higit pang mga bahagi ng *vital thought* na nagkakasalungatan dahil sa mga pagbabagong nangyayari o di kaya sa pagnanasa ng mga taong makamtan ang inaasahang kaginhawaan. Samakatuwid, makikita ang pananaw-mundo ng mga sinaunang Pilipino sa kanilang mga alamat, epiko/awit, kuwentong-bayan, at mga rituwal. Ang mga likhang pampanitikang ito na matatagpuan sa lahat ng dako ng

kapuluan ay nagpapahayag ng matandang kalinangan, kaisipan, paniniwala, damdamin, layunin, at mithiin ng mga sinaunang Pilipino sa isang partikular na yugto ng kanilang kasaysayan.

Sa pamamagitan ng penomenolohikal at lingguwistikang lapit, ang kahulugan at interpretasyon ng pananaw-mundo at buhay-kultural ng kilusan ay sinikap na mailantad upang mahugot ang pag-uugat nito sa kalinangang Pilipino. Mahalaga ang paggamit ng penomenolohikal at lingguwistikang lapit sapagkat batay ito sa mismong karanasan at umiiral na kamalayan ng mga tao sa isang partikular na grupo at panahon na sinasalamin mismo ng pag-iral ng wikang ginagamit sa araw-araw nilang pakikisalamuha sa kanilang kapuwa. Hindi lamang tagadala ng ideya ang wika; ang wika ay ang mismong ideyang isinakatawan. Katuwiran nga ni Zeus A. Salazar (1996, 19-45), ang wika ay ekspresyon, imbakan-hanguan at agusan ng kultura ng isang grupo ng tao, maliit man o malaki, na may sarili at likas na katangian. Pinagtibay nina Virgilio G. Enriquez at Amelia B. Alfonso (1980, 80-81) na ang pagsuri at paggamit ng katutubong wika ay pundamental sapagkat ang wika ay hindi lamang nakaugat sa kultura bilang prisma sa pagpapakahulugan ng tao sa realidad kundi bukod dito, ang wika ay isa sa mga pleksibol at produktibong kagamitang pangkomunikasyon na tiyak na makakatasan ng mahahalagang aspekto ng pag-iisip ng tao hinggil sa kaniyang relasyon sa realidad.

Upang maipakita ang pag-uugat ng mga praktis at paniniwala ng KPA sa kalinangang Pilipino, partikular na tinunghayan ng may-akda ang pananaw-mundo at buhay-kultural ng mga kasapi ng kilusan sa kanilang bagong sistema ng pagsamba at pagpupuri sa Diyos. Lantarang ipinapakita hindi lamang ng kanilang araw-araw na mga praktis at gawi ang pagtuntong o pag-ugat nila sa kalinangang Pilipino kundi maging ng mga mensahe na matutunghayan sa kanilang mga himno.

## Ang Bagong Sistema ng Pagsamba ng Kilusan

Bilang mga kasapi ng *madre iglesia* na SDA, nagsisimba dati ang mga miyembro ng KPA sa malaking gusali o templo. Subalit, simula noong nilisan nila ang Iglesyang SDA hanggang sa kasalukuyan (1994-2019), ang naging simbahan na lamang nila ay ang kanilang mga tahanan na tinatawag nilang *home church* o "bahay-sambahan." Kapag maganda ang panahon, idinaraos nila ang pagsamba sa ilalim ng kakahuyan o kalikasan. Kontento at masaya ang mga kasapi ng kilusan na halos ang karaniwang mga bahay sa kabundukan ay isang tipikal na bahay-kubo na yari sa kahoy, kawayan, pawid o kugon, at nakaangat sa lupa (may silong at mga haligi). Mayroon silang awit na ang pamagat mismo'y *Kahit na Kubo* na naglalahad ng kanilang paniniwala sa pansamantalang buhay dito sa lupa. Ganito ang matutunghayan sa unang saknong ng nasabing awitin:

> Kahit na kubo ang aming tahanan,
> Dito sa lupa'y may kasiyahan
> Pagkat sa langit ay may naghihintay
> Na kahariang gintong lantay.

Gayonman, ang nararapat pansinin ay ang istruktura ng bahay-kubo na may tatlong lebel: 1. may taas (bubong at kisame), 2. may gitna (kabahayan na ginagalawan ng mga tao) at, 3. may ilalim (silong). Sa kisame (taas), naroon ang Bibliya, mga naipong aklat ni Ellen G. White (kinikilalang propeta ng Iglesyang SDA), mga babasahin ng kilusan at iba pang bagay na ginagamit sa pagsamba tulad ng mga "Awit sa Pagsamba," gitara o anumang instrumento, damit, banig, unan, kumot, at iba pang gamit na mahahalaga. Sa madaling salita, sinasadya man o hindi, sa itaas ng bahay (kisame) matatagpuan ang mga bagay o gamit na itinuturing ng kilusan na "banal," may kinalaman sa pagsamba/pagpupuri sa Diyos, at mahahalaga. May tatlong malalaking dahilan ang kapatiran kung bakit sa bahay at sa kalikasan na lamang nila isinasagawa ang pagsamba: una, dahil anomang oras ay darating na diumano si "Kristo" kaya wala na silang balak na gumawa pa ng gusali; ikalawa, may kabanalan, may kaayusan, at may kalayaan diumano kapag ang pagsamba at pagpupuri sa Diyos ay isasagawa sa bahay o kaya'y sa kalikasan; at ikatlo, sa paniniwala ng kilusan, wala na ang presensiya ng Diyos sa mga taong nagsisimba sa malalaking templo yamang sa kanilang paniniwala, ang lahat ng mga organisadong iglesya ay tumalikod na sa kalooban ng Diyos.

Nakabibighani rin ang ikalawang dahilan ng kilusan kung bakit ang pagsamba ay ginagawa na lamang nila sa bahay o sa ilalim ng kalikasan – na ang kabanalan, ang kaayusan, at ang kalayaan sa pagsamba ay nararanasan nila diumano sa mga nasabing lugar. Mahalagang tukuyin ito sapagkat ang ganitong pananaw ng kilusan ay maiuugat pa sa pananaw at praktis ng mga sinaunang

Pilipino sa kanilang pagsamba na noon ay gumamit lamang ng bahay at kalikasan bilang pook-sambahan o santuwaryo. Unahin natin ang bahay bilang pook-sambahan ng ating mga ninuno.

Mapapatunayan sa mga tala ng mga prayleng Espanyol na ang mga gawaing panlipunan at panrelihiyon ay isinasagawa sa bawat bahay ng mga sinaunang Pilipino. Sa kabilang banda, ang pangmalakihang pagsamba, pagdiriwang o piyesta ay idinaraos sa malaking bahay ng kanilang pinuno o datu na dito ay may nakakabit sa dingding o nakadugtong sa bubong na tinatawag na *sibi*:

> *It has to be remembered that social and religious activities were carried out in individual homes or celebrated in the large house of the chief. It is true that they have the name simbahan, which means a temple or place of adoration; but this is because, formerly, when they wished to celebrate a festival, which they call pandot, or "worship", they celebrated it in the large house of a chief. There they constructed, for the purpose of sheltering the assembled people, a temporary shed on the side of the house, with a roof, called sibi, to protect the people from the wet when it rained*. (Plasencia 1589 sa BR Vol. 7, 185-186).

Mahihinuha sa bahay na ito ang mga *sibi* na inilalagay sa tirahan ng datu kung gagamitin ang kaniyang bahay bilang pansamantalang pook-sambahan.



**Larawan Blg. 1**
Isang halimbawa ng bahay na may *sibi*. Hinango mula sa *google*.



**Larawan Blg. 2**
Isang "bahay-sambahan" *(home church)* ng KPA sa Abante, Pamplona, Negros Oriental na may *sibi* gawa sa mga kahoy, kawayan at pawid. Ang bahay na ito ay may silong kaya nakaangat sa lupa. (Larawan, kaloob ng KPA sa mananaliksik)



**Larawan Blg. 3**
"Bahay-sambahan" sa San Francisco, Aurora, Quezon na nasa gilid lamang ng bahay at may mga upuan na gawa sa kawayan at bubong na trapal. (Larawan, kaloob ng KPA)




**Larawan Blg. 4**
Isang pagsambang ginagawa sa ilalim ng kalikasan sa *country living site* sa Sitio Malani, Brgy. Anupul, Bamban, Tarlac. (Kuhang larawan ng mananaliksik)



**Larawan Blg. 5**
Isang pagsamba sa ilalim ng kalikasan sa *country living site* sa Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur. (Kuhang larawan ng mananaliksik)

Ano ba ang pananaw-mundo ng mga sinaunang Pilipino kung bakit ang bahay ay ginagawa nilang simbahan at itinuturing na isang banal na lugar? Sa mga ninuno natin, ang kanilang bahay ay isang dambana na nagsasalamin ng kanilang pinaniniwalaang sandaigdigan. Nakaangat ito sa lupa at may tatlong bahagi na ipinapakita ang pinaniniwalaang tatlong lebel/rehiyon ng sandaigdigan: 1. Kaitaasan (langit) – ang espasyo sa pagitan ng kisame at bubungan; 2. Kalagitnaan (lupa) – ang mismong kabahayan na ginagalawan ng mga tao; at 3. Kailaliman – ang silong na may posteng yari sa kahoy o kawayan. Sa bawat bahagi, may pinaniniwalaang sinasamba ang mga sinaunang Pilipino na may kani-kaniyang kinakatawanan. Sa Kaitaasan (langit), ang Bathalang Araw ang pangunahing anito na kinakatawanan ng ibon (Tigmamanukin) o sarimanok. Sa Kalagitnaan (lupa), malaking puno ang kumakatawan na may malalim na ugat papuntang ibaba at mayabong na mga sangang tila inaabot ang kalangitan. Sa Kailaliman, ang serpente (naga, bakunawa, sawa, buwaya o pawikan) ang pangunahing anito (Lasco 2014, 124-127). May pagkakaiba man ang kosmolohiya ng KPA sa kosmolohiya ng mga sinaunang Pilipino lalong-lalo na pagdating sa pananaw ng tatlong lebel ng sandaigdigan, hindi maikakailang ang kamalayan at praktis ng kilusan sa pagtuturing sa kanilang bahay bilang banal na simbahan o santuwaryo ay nakaugat sa tradisyong Pilipino. Idagdag pa rito ang karaniwang praktis ng kilusan na sa kisame at bubungan inilalagay ang mga gamit sa pagsamba na itinuturing nilang mga bagay na banal at mahahalaga. Hindi lamang usapin ng espasyo kundi kamalayang ispirituwal ang sanhi ng ganitong praktis ng KPA.




**Pigura 1:**
Ang tatlong lebel/rehiyon ng sandaigdigan ayon sa mga sinaunang Pilipino (Lasco 2014, 125)

Hindi lamang isang simbahan o santuwaryo ang bahay para sa kilusan. Ito rin ay nagsisilbing "bahay-paaralan" o *casa escuela* (*home school*) ng kanilang mga anak. Bagama't itinuturo rin ang pagbabasa at pagsusulat, ang edukasyon sa tahanan ay nakasentro sa paglinang ng mga kagandahang-asal at mga bagay na may kinalaman sa Diyos na sa pamamagitan nito ang pagkasi at proteksiyon ng Banal na Ispiritu ay

inaasahang makakamit ng bawat kasapi. Hawig ito sa paniniwala ng mga sinaunang Pilipino na ang sinomang may malinis at dalisay na kalooban ay sinasapian ng ispiritu – anito o diwata at nagkakaroon ng agimat o anting-anting.

Paliwanag ng mga kasaping nakapanayam ng mananaliksik (2015), ipinagbawal na rin nilang papasukin pa ang kanilang mga anak sa pormal na paaralan (publiko man o pribado) sapagkat magiging masuwayin lamang daw ang mga ito sa Diyos pagdating ng araw. Kaya upang maiwasan ang pangyayaring ito, sila (mga magulang lalo na ang mga ina) na lamang diumano ang magtuturo sa kanilang mga anak. Sa pamamagitan nito, masisiguro pa nila ang kaligtasan ng kanilang mga supling. Para sa KPA, ang higit na mahalaga sa langit ay ang dalisay at malinis na kalooban, ang mabuting pag-uugali na makikita diumano sa pagiging masunurin ng tao sa lahat ng iniuutos ng Diyos. Sarili nating kasaysayan mismo ang magsasabing ang ganitong paniniwala at praktis ng kilusan hinggil sa "bahay-paaralan" (*home school*) ay nakaugat din sa konsepto ng *buthoan* o *casa escuela* ng ating mga ninuno. Ayon kay Vicente C. Villan (2013, 66), sa *buthoan*, ang pagkataong Pilipino ay nililinang at hinuhubog ng mga gurong babaylan. Maikling bersiyon ang *buthoan* ng katagang *buluthoan* (hango sa *butho* na nagmula naman sa salitang *bulutho*) na ipinagpapalagay ring nagmula sa protopormang anyo nitong *buut* na katumbas ng *loob* ng mga Tagalog at *nakem* ng mga Ilokano. Samakatuwid, ang praktis ng kilusan sa "bahay-paaralan" (*home school*) bilang "pandayan-sanayan" sa paghulma ng magandang kalooban ng kanilang mga anak ay masasabing pagbabalik ng dalumat ng *buthoan* bilang "pandayan-hulmahan" ng pagkataong Pilipino noong unang panahon bago dumating ang mga kanluraning mananakop.



**Larawan Blg. 6**
Isang "Bahay-Paaralan" ng KPA sa Alangilan, Santa Catalina, Negros Oriental na nasa silong lamang ng isang bahay na nakaangat sa lupa. (Kaloob na larawan ng KPA)

Balikan natin ang isa pang pook-sambahan na ginagamit ng kilusan – ang kalikasan. Katulad ng "bahay-sambahan" (*home church*), ang pagdaos ng pagsamba sa ilalim ng kalikasan ay itinuturing ding solemne sapagkat makikita at mararanasan diumano sa lugar na ito ang presensiya ng Diyos, ang kabanalan, kapangyarihan, at kadakilaan ng Maykapal. Bagama't hindi tuwirang sinasamba ng mga kasapi ng kilusan ang kalikasan sapagkat para sa kanila, ito ay likha lamang ng Diyos, ang kilalanin ito bilang sagradong lugar na pagdarausan ng kanilang pagsamba at papuri sa kinikilala nilang Makapangyarihang Diyos ay nakatuntong din sa paniniwala ng sinaunang Pilipino na ang kalikasan ay isang malaki at malawak na "simbahan" at ito ay isang "buhay na santuwaryo" (Lasco 2014, 123-126). Nasaksihan mismo ng mananaliksik ang kasagraduhan ng pagsamba ng KPA mapaaraw man o mapagabi kung saan ang mga puno at kalikasan ay nagsilbing "buhay na santuwaryo." Sa lupa lamang sila lumuluhod kapag mananalangin at kung kulang ang mga simpleng upuan, ginagamit nila ang mga bato, kahoy o kawayan bilang mga upuan. Walang bahid ng pandidiri sa dumi na maaaring makuha ng kanilang mga kasuotan mula sa lupa sapagkat sa pakiwari nila, maliban sa nakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng kalikasan, ang mabuhay

na may ugnayan at matapat na pakikiisa sa mga natural na bagay na ito ay nagdadala sa kanila tungo sa kaluwalhatian ng Diyos.



**Larawan Blg. 7**
Mga kabataang mangangaral ng KPA na nakaluhod sa lupa habang nananalangin. Mula sa kaliwa: Bro. Jephte Urita, Bro. Arnel Alaurin, at Bro. Layman "Tata" Talidong.
(Kuhang larawan ng mananaliksik sa isang pagsamba na ginanap sa Sitio Malani, Bgy. Anupul, Dapdap, Bamban, Tarlac noong ika-7 ng Pebrero 2015.)



**Larawan Blg. 8**
Mula sa kaliwa: Sis. Gigi Tornea-Urita at Sis. Noemie Urita-Dayan habang nananalanging nakaluhod sa lupa.
(Kuhang larawan ng mananaliksik sa isang pagsamba na ginanap sa Sitio Malani, Bgy. Anupul, Dapdap, Bamban, Tarlac noong ika-7 ng Pebrero 2015.)

Sa himno na may titulong "Ito'y Sanlibutan ng Ama," mababanaag ang malaking papel ng kalikasan sa pagkilala ng kilusan sa kapangyarihan at kadakilaan ng kanilang Diyos:

Ito'y sanlibutan ng Ama kong mahal,
Ang buong katalagahan ay nag-aawitan
Mga punongkahoy, langit, karagatan,
Pati malalaking bato'y gawa ng Kanyang kamay.

Ito'y sanlibutan ng Ama kong mahal,
Ibon, liryo at liwanag, Diyos ang itinatanghal,
Sa mga damuhan, Siya'y nagdaraan
Siya'y nakikipag-usap sa akin saan man.

Ito'y sanlibutan ng Ama kong mahal,
Ang masama'y malakas man, Diyos ang Hari ring tunay,
Bakit itong puso ko ay malulumbay?
Panginoo'y nagpupuno, matuwa sangkalupaan.
(Awit sa Pagsamba [AP] Blg. 11)

Samantala sa himnong ito, ipinababatid ng kilusan na ang tunay na iglesya ng Diyos ay matatagpuan sa kabundukan – doon sila naninirahan at doon sila sumasamba sa Diyos na Manlalalang.

Sa kabila ng mga kabundukan,
Naro'n ang ginawa ng Diyos na bayan;
'Pag ang tuktok ng bundok natapakan
Walang hanggang bayan ay matatanaw.
(AP Blg. 182)



**Larawan Blg. 9**
Sa kabundukan, sa ilalim ng mga kakahuyan, idinaraos din ang pagsamba. Kuha sa isang *country living site* ng kilusan sa Tayabas, Quezon. (Larawang kaloob ng KPA)

Malinaw na ang paggamit ng KPA sa kalikasan bilang isang pook-sambahan ay isang katibayan na naukit nang malalim sa kaluluwa ng mga Pilipinong ito ang alaalang katutubo, di man nila batid.

Isa ring dapat silipin sa praktis ng grupo ay ang ginagawa nilang rituwal araw-araw. Bago magsimula sa mga gawaing-bahay at dumako sa kani-kanilang trabaho, ang bawat pamilya ay may kani-kaniyang ginagawang pagsamba sa kani-kanilang tahanan. Bahagi ng buhay ng mga kasapi ang pagsamba at pananalangin o pagdarasal. Dito, sinisiyasat ng mga kasapi ang kanilang sarili (kalooban, isip, at puso), kung mayroon man silang nagawa, nasalita at naisip na sa palagay nila'y hindi naging kalugod-lugod sa harapan ng kanilang Diyos, ang mga pagkakamali o mga kasalanang ito'y kanilang inihihingi ng kapatawaran sa Kaniya. Maliban sa nagiging "pambigkis" ng bawat pamilya sa Diyos, ang pagsasagawa ng araw-araw na rituwal ng pagsamba ay kailangan diumano upang maging sakdal at malinis ang kalooban nang sa ganoon, makasisiguro sila sa pagkasi ng Banal na Ispiritu na sa kanilang paniniwala'y magbibigay sa kanila ng "proteksiyon" sa anomang kapahamakan. Ang pag-asa at kapangyarihang ibinibigay ng mga dasal, malinis na kalooban, pag-aaral at pagsasabuhay ng mga salita ng Diyos ang siyang maituturing na bersiyon ng kilusan sa konsepto ng anting-anting. Ang ganitong kultura ng pagiging madasalin ng mga kasapi ng kilusan kasama na ang paniniwalang tumatanggap sila ng "proteksiyon" mula sa Diyos ay masasabing nakaugat din sa kultura ng dasal at konsepto ng anting-anting ng mga sinaunang Pilipino na ayon kay Ma. Bernadette Lorenzo-Abrera (1992, 326) ay bahagi ng buhay-Pilipino, isang katutubong kaugalian na nagbibigay-katatagan sa buong lipunan at sa pagbubuo ng ideya ng Bagong Bayan.

Maliban sa mga dasal/panalangin at pag-aaral ng mga kasulatan (Bibliya, mga aklat ni White, mga babasahing isinulat ni Bro. Urita, at ng iba pang mangangaral/manunulat ng kilusan), kasama rin sa rituwal ng pagsamba ng KPA ang pag-aalay ng mga awit o himno. Sa isa sa mga espesyal nilang awit na palaging kinakanta tuwing araw ng Sabado, tinukoy nila rito ang natatanging pangalan ng kanilang sinasambang Diyos at Hari bilang "Matanda sa Araw." Pansinin ang isang saknong na ito sa kanilang awit na pinamagatang "Hari'y Sambahin:"

> Hari'y sambahin, O buong langit,
> Inyong awitin Kanyang pag-ibig;
> <u>Matanda sa Araw</u>, ating sanggalang,
> Maningning at lipos ng kapurihan.
> (AP Blg. 26)

Kung tinatawag ng mga kasapi ng kapatirang ito ang kanilang Diyos o Hari sa pangalang "Matanda sa Araw," hindi kaya ibinalik din nila ang sinaunang pangalan ng Diyos ng ating mga ninunong Bisaya na *Laon* o *Malaon* at *Gugurang* naman sa ating mga ninunong Bikolano? Ang mga pangalang ito na ikinakapit sa Diyos na Manlalalang at Makapangyarihan sa Lahat ng mga sinaunang Pilipino ay nangangahulugang "Matanda". Kung unibersal man ang pagtukoy sa Diyos bilang "Matanda", tunay na kapuri-puri ang mga katutubong Pilipino sa antas ng nakamit nilang pananampalataya. Ngunit para sa mananaliksik, ang paggamit ng KPA sa pangalang "Matanda sa Araw" bilang pantukoy sa pangalan ng kanilang pinaniniwalaang Diyos na Makapangyarihan sa Lahat ay isang pagpapanumbalik ng ideya sa sinaunang pangalan ng Diyos ng mga Bisaya (Laon/Malaon) at Bikolano (Gugurang) sapagkat ang kinikilalang pinuno at mga prominenteng mangangaral/manunulat ng grupo ay mga tubong Bisaya (Masbate at Romblon).

Hindi lamang sa katawagang "Matanda" (*Laon* o *Gugurang*); maging ang Ispiritu ng Diyos ay tinatawag at ginagamitan din ng kilusan ng simbolong "kalapati" o kaya'y ibon. Sa awit nilang ito, tiniyak na ang "Kalapati" ang siyang Ispiritu ng Diyos na nagmula sa langit.

> Kami ay muling Iyong binyagan,
> ng kapangyarihan Mo Diyos na mahal;
> Kami ay hindi karapat-dapat,
> linisin Mo kami sa salang lahat;
> Oh, <u>Kalapating</u> sa langit mula!
> Kami ay gawaran ng pagpapala;
> Tinig sa langit ang napakinggan;
> Ikaw ang Anak Kong lugod Ko't mahal.
> (AP Blg. 95)

Bagama't nakatala sa Bibliya ng mga Kristiyano na ang "kalapati" ay simbolismo ng Ispiritu ng Diyos, ang simbolismong ito (kalapati) ay hindi nalalayo sa katutubong paniniwala ng mga Pilipino hinggil sa mitikal na ibon, ang *Tigmamanukin* sa mga Tagalog na iniuugnay kay Bathala (Salazar 1997, 6). Maging sa

popular na alamat ng pinagmulan ng lahing Pilipino, isang tusong ibon ang ipinakilala bilang tagapagpalaya sa kauna-unahang lalaki at babae na nasa loob ng kawayan. Bunga ng tradisyonal na paniniwalang ito sa mitikal na ibon bilang representasyon ni Bathala, madali ring natanggap ng mga Pilipino ang Kristiyanong dalumat sa "kalapati" bilang Ispiritu ng Diyos na taglay rin ng kilusang pinag-aaralan.

Nararapat ding pansinin ang katawagan o titulong "Panginoon" at "Poon" na ikinakapit ng kilusan kay Jesus.

> <u>Panginoon</u>, Iyong dinggin ang aking dalangin,
> Sa umagang ito'y hain ang puso kong angkin.
> (AP Blg. 20)

<u>Poong</u> Jesus, lubog na ang araw at ang dilim nama'y kumakapal;

> Liwanag Mo sa aki'y itanglaw at ako, <u>Panginoo'y</u> samahan.
> (AP Blg. 21)

Ang katagang "panginoon" ay ikinakapit sa isang tao na may kontrol sa iba pang tao o bagay (Almario punong pat. 2010, 922). Sa sistemang piyudal, ang "panginoon" ay isang taong makapangyarihan dahil sa malawak na lupaing kaniyang pag-aari. Sa ibang wikang Filipino, ito'y tinatawag na *agalon* (Cebuano/ Bisaya), *apo* (Ilokano), *kagurangnan* (Bikolano) o *amo* (Tagalog na galing naman sa salitang Espanyol mismo na *amo* – *master* sa Ingles). Gayompaman, ang salitang "panginoon" ay pinaniniwalang nagmula sa salitang ugat na "poon" na sa katutubong salita ay maaaring iugat sa katagang Manobo na *kepu'unpu'un* na nangangahulugang ugat/simula ng lahat o ang pagsilang ng bayani at ng kaniyang mga nasasakop sa daigdig (Castro et al, mga pat. 1985, 199). Sa epikong Manobong *Ulaging/Olaging*, isinasalaysay ang pagpupunyagi ng mga ninuno ng lipi na maging walang kamatayan at mararating nila ang *Nelendangan/ Nalandangan,* ang kanilang inaasam na tahanan sa kalangitan na doo'y mararanasan ang utopya – buhay na malaya, mapayapa't masagana na maihahambing din sa paraiso ("bagong langit" at "bagong lupa") na pananaw-mundo ng KPA. Hindi nalalayo ang esensiya ng Manobong *kepu'unpu'un* sa Kristiyanong "Panginoon" na ikinakapit kay Kristo bilang ugat ng relihiyong Kristiyanismo, isang hari at manunubos na magdadala sa mga Kristiyanong nagtagumpay sa kaharian ng Diyos sa langit. Maliban dito, ang salitang "poon" sa pestibal ng pag-aani ng mga Manobo ay nagpapahiwatig ng "katapusan ng isang yugto ng panahon;" sa Pangasinense, "iyong nangunguna sa pagdarasal;" sa Ilokano, "ang pinagsimulan o bukal;" at sa Tagalog, "ang Panginoon" na mismo.[1] Sa UP Diksiyonaryong Filipino (2010), may isa pang kahulugan ang salitang "poon." Ito ay "isang matayog na laging lunting punongkahoy na nagmula sa Indo Malaya." Kung ang kahulugang ito ng "poon" ang ating gagamitin, lumalabas na ang "poon" ay isang "punongkahoy na matayog at laging luntian." Hindi kaya ang "poon" na ito ang siya mismong "punongkahoy" na sinasamba ng ating mga ninuno gaya ng puno ng *baliti* (*balete* o *balite*) na tinatawag ding puno ng *nunok* ng mga Bisaya? May komento ang paring si Cantius J. Kobak, OFM tungkol sa puno ng nunok o baliti na inaaring banal at naging santuwaryo o buhay na templo ng mga sinaunang Pilipinong Bisaya:

> *Among the multitude of trees found thriving in the Bisayan Region and throughout the entire Philippine Archipelago, there is no other more celebrated than what is known as the Nunok Tree known also as the Dalakit, Danakit, Daragit, and Baliti. This writer wishes to consider this Nunok Tree as the "ancient sanctuary" of paganitu or sacrifice and a "living temple" of the Bisayan rites. The ancient Bisayan people have attributed divinity to the Nunok Tree, they strongly believed that their god, the Diwata dwelt in it and made it its grand abode. Even all the areas around the Nunok Tree which was quite extensive and which could shelter well-over a thousand people in its shade, was considered sacred. It was not just a belief but a fact that the Nunok Tree had healing powers: spiritual where pleas and invocations were made and where the paganitu or sacrifices took place; also it provided physical healing since its roots when mashed and mixed with coconut oil resulted in a fine ointment for healing wounds; leaves are also medicinal. What more, the Bisayans held the Nunok or Baliti in such high regard that they gave it an endearing name where it was still small and called it Nuno*. (Kobak 2002, 446-447)



**Larawan Blg. 10**
Ilang ilustrasyon ng punong baliti (nunok) ayon kay Francisco Ignacio Alcina, 1668

Hindi kataka-takang sa mga epiko at kuwentong-bayan, masusumpungan ang papel ng puno sa kosmolohiya ng ating mga ninuno. Nabanggit na sa unahan ang kosmolohiya ng mga sinaunang Pilipino na ang bahaging kalagitnaan (lupa) ng sandaigdigan, ay kinakatawanan ng isang malaking puno na may malalim na ugat papuntang ibaba at mayabong na mga sangang tila inaabot ang kalangitan. Ang puno o troso bilang haligi ng paglalang ay matatagpuan sa mga Pilipinong alamat na halintulad din ng mga alamat ng sandaigdigan na nagsasagisag sa walang patid na buhay ng paglikha, pagyaman, pagsalin, pagkabulok, at muling pagsibol. Ayon kay Francisco Demetrio, S.J. (1968, 55-56), ang mga Manobo ng distritong Talakogon sa Surigao ay naniniwalang si Makalindung, ang Manlalalang, ay itinatag ang daigdig sa isang panggitnang haligi kung saan siya'y naninirahan kasama ang isang sawa. Naniniwala rin ang mga liping Bukidnon at Tagbanwa na ang kalangitan mismo ay natutukuran ng dalawang puno. Ang mga Gaddang at Ilokano naman ay nagsasabit ng palayok na may inunan ng isang bagong silang na sanggol sa isang matayog na puno, pinipili ang pinakamataas na sanga na gusto nilang maabot ng pag-iisip at kalusugan ng sanggol. Sa tala ni Miguel Lopez de Loarca noong 1583 (sa Blair and Roberston Vol. 5, 115-119), may paniniwala diumano ang mga Pintado ng Panay na may isang matayog na puno sa tuktok ng Bundok Madia-as na doon ay itinatala ng Bathalang Sidapa ang naging taas na maaabot ng bawat bagong nilalang sa kaniyang kamatayan. Kung ang kawayan ng alamat ng pagsilang ang nagsilbing tagapagsilang sa unang lalaki at babae, ganoon din ito itinadhanang maging sagisag ng haba ng buhay ng isang nilalang ayon sa mga sinaunang Bisaya. At sa paanan ng bundok na tinitirhan ni Aropayan, ang tagahusga ng patay ay isang kumpol ng kawayanan kung saan ang isang pulang unggoy ay bumabawas ng isang kaputol bawat isang araw, bawat putol ay isang araw na nabawas sa buhay ng isang nilalang.



**Larawan Blg. 11**
Ang kauna-unahang "Lalaki" at "Babae" ("Sicalac" at "Sicavay" a.k.a "Malakas" at "Maganda") ayon sa Pilipinong alamat. Hinango mula sa *google*.

Itong "puno ng talaang" ito'y lumilitaw rin sa tradisyong pasalaysay ng Bukidnon na nagsasabing kapag namatay ang isang tao, ang kaniyang kaluluwa'y kinakailangang magtungo sa Bundok Balatukan, upang doo'y umukit sa puno para ipaalam na ito'y nakarating na at sa paligid nito'y sumayaw sa isang rituwal ng paglilinis-kaluluwa. Susulpot uli ang puno sa alamat ng Tagbanwa na naniniwalang si Taliakod, isang higante, na siyang humahatol kung nabuhay na mabuti o masama ang isang tao ay nagsisilab ng apoy na walang kamatayan sa pagitan ng dalawang matatayog na punongkahoy. Sa pagpanaw ng isang Manuvu, bumabalik ang kaniyang katawan sa puno na nakatali sa isang sanga o kaya'y nakasampid sa isang bahagi ng troso tulad ng sa T'boli at ng B'laan o kaya'y nakahiga sa isang papag na nakapatong sa mga bagong tirik na sanga o, tulad sa mga Sulod at Matigsalug, nakalibing (maaari ring sabihing nakatanim) sa loob

ng isang puno. Ito rin ang kaayusang makikita sa "puno ng buhay" ng mga Tausug na Muslim na ibinabandila sa lahat ng mga rituwal ng pagsubok ng Tausug: pagbibinyag, pagtutuli, pagtatapos ng pag-aaral ng Koran, kasalan, at libing – isang matulaing sagisag para sa sinulid na patuloy at walang patid na nagtatangi sa mga daigdig na nakikita at di-nakikita.

Samakatuwid, sa kamalayan ng ating mga ninuno, ang iniinugan ng mundo, ang kalagitnaang lugar ng panimula't pagtatapos, ang talaan ng buhay ng tao, ang katiwala ng luklukan ng paghahatol – ang puno ay naging ugnayang sagisag ng mga daigdig. Kung matutunghayan sa tagpo ng isang malawak at malusog na kagubatan, ang pagkamatulain ng sagisag – puno bilang pinagsilangan, tagabigay-buhay, binabalikang sinapupunan, at sasakyang patungo sa daigdig ng mga kaluluwa ay binibigkas ang walang kamatayang kaayusan. Sa literal at simbolikal na gamit ng puno, masisilayan ang kapantasan ng mga sinaunang Pilipino kung bakit nila pinahalagahan at sinamba ang "puno" – ang "poon" na naging "panginoon." Sa mga ideyang ito, nagmula ang kaisipan ng mga sinaunang Pilipino sa kanilang "puno" o "pinuno" (datu, babaylan, bagani, panday) na itinuturing na ugat at haligi ng barangay o bayan at pinaniniwalaang kinasihan o kinatawan ni Bathala o ng mga diwata/anito. Gayompaman, ang isa sa namumukod na katangian ng pamunuan sa sinaunang pamayanan ay ang paggalang sa pinakamatanda na sadyang nakaugat sa kalinangang Austronesyano. Sa kamalayang ito maiuugat ang pagsamba sa anito na kalipunan ng lahat ng mga namatay na ninuno o kamag-anak. Kaya ang "pinuno" na nagmula sa salitang "puno" ay nagpapahiwatig ng *pinagmulan o pinanggalingan*, gayundin sa bahagi ng kahoy na nagtitipon ng mga sanga-sanga sa itaas at ng mga ugat sa ibaba. Ang "pun" ng mga Kapampangan at "puun" ng mga Ilokano na mula rin sa "puno" ng mga Tagalog ay ginamit ng huli sa paniniwala sa "Poon" (Poong Maykapal) na tagapagbigay ng biyaya sa pamayanan (Teodoro at Rodriguez 2005, 89).

Hindi rin naman nalalayo ang konseptong ito ng "puno"-"poon"-"panginoon" ng mga sinaunang Pilipino sa konsepto ng KPA sa "puno"-"poon"-"panginoon" na ikinakapit nila kay Kristo bilang "poon," "panginoon," at tunay na "puno ng ubas" at sila bilang mga sanga. Ipinaliwanag diumano ni Kristo na siya ang tunay na "puno ng ubas," na ang mga ugat ay malalim na nakabaon sa Diyos. Para sa kilusan, si Kristo bilang panginoon at hari (na ngayon ay tinatawag na rin nilang "Ama"), ang pinagmumulan ng buong ispirituwal na buhay at sila na mga sanga ay mapagbiyayang inihugpong at nakikipagkaisa sa Kaniya sa pamamagitan ng tunay at buhay na pananampalataya upang sila ay magbunga. Ektensiyon ng pag-iral ng kaisipang ito ang pagkilala ng mga kasapi ng kilusan sa kanilang "pinuno" na si Bro. Urita bilang isang kinasihang ispirituwal na "puno" o "pinuno," sugo, mensahero, at propeta ng Diyos. At kung may pagkaunibersal man ang gamit ng "puno"-"poon"-"panginoon" bilang konsepto ng pinuno, hari at tagapagligtas, hindi kalabisang ipahayag na sa dalumat ng "puno"-"poon"-"panginoon" ng ating mga ninuno umugat ang konsepto ng "puno"-"poon"-"panginoon" na ikinakapit sa mga kinikilalang pinuno ng mga milinaryan at relihiyosong grupo (kasama na si Kristo).

Isa pang pananaw-mundo ng kilusan na nakaugat din sa katutubong kalinangan ay ang pagpapahalaga nila sa papel ng mga "anghel" sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Ang mga "anghel" ang nagsisilbing mga tagamasid at tagabantay nila sa anumang panganib. Tunghayan ang dalawang awiting ito na naglalaman ng gawain ng mga "anghel."

> Lubog na ang araw, gumagabi na;
> Ang dilim sa langit ay nakapinta,
> Payapang pahinga, bigyan mo Ama;
> Ang nangangapagal pagtulog nila,
> Sa buong magdamag ilukob sa 'min,
> Ang <u>mga pakpak ng mga anghel</u> upang mahimbing. (AP Blg. 23)
>
> Ngayong gabi pagpalain, kami sa 'ming paghimlay,
> Kasalana'y patawarin, at kami ay hugasan.
> Bagaman gabi'y madilim, kami ay iyong pansin;
> Kami ay walang panimdim; Diyos ay kasama namin.
> Bagaman mayro'ng sakuna, bagaman may panganib;
> Ang <u>mga anghel</u> ay handa; sila ay nagmamasid. (AP Blg. 24)

Sa kilusan, ang "anghel" ay siya ring "ispiritung banal" na tagaakay, kaibigan, palaging kaakbay at tagapanguna saan man sila patungo.

> Oh! <u>Ispiritung banal</u>, tapat na tagaakay;
> Laging kaakbay-akbay ng Krist'yano sa daan,

Kami ay pangunahan, kamay mo'y ialalay,
Oh! Ispirtung banal, ikaw nga ang umakay.

Laging laan at tunay, tapat na kaibigan,
Kami'y h'wag mong bayaan na mag-isa sa buhay;
Kung may bagyong dumaan at puso'y manlupaypay,
Oh! Ispiritung banal, ikaw nga ang umakay.

Kung ang wakas ng lahat, malapit nang mamalas,
At sa Diyos na malingap, Kami ay tumatawag;
Sa gitna ng bagabag, ng pusong naghihirap,
Oh! Ispiritung banal, ikaw nga ang umakay. (AP Blg. 93)

Subalit sa simbolo, ang "anghel" ay kumakatawan din daw sa tao gaya ng sinasabi sa ikalawang saknong na ito ng awiting pinamagatang "Ang Huling Pitong Salot."

Mga interpretasyon ng bawat simbolo,
Ang pito (7) ay perfection, ang anghel ay tao,
Na dakila't may mangkok, na s'yang mga tao,
At naging instrumento sa trahedyang ito.

Ayon kay Abrera, ang ideya ng "anghel" bilang tagabantay (*angel de guardia*) ay taal sa mga sinaunang Pilipino. Ito ang ispiritu na gumagabay at nagtatanggol sa kanila. Ang "anghel" ay katutubong kaluluwa na katulad ng isang abay, (katutubo na kasama mula sa kapanganakan), kasama sa lahat ng panahon, nagbibigay ng babala sa panahon ng panganib, at may kapangyarihang ipagtanggol ang taong binabantayan o inaabay niya. Kaya naniniwala si Abrera (2002, 263) na sa konseptong ito, maaaring tumuntong ang doktrinang Kristiyano sa mga bantay na anghel. Dala-dala rin ng milinaryang KPA ang ganitong paniniwala sa mga anghel bilang tagabantay.

Maging ang konsepto ng kilusan hinggil sa labanang nagaganap sa pagitan ni Kristo at ni Satanas – ang labanan ng matuwid at masama na ayon sa mga kasapi nito ay matatapos sa loob ng 6,000 taon ay nakaugat din sa tradisyong Pilipino. Sa katunayan, taal sa mga katutubong Pilipino ang tunggalian ng dalawang puwersa: ang kabutihan at kasamaan, ang liwanag at dilim. Inihahayag ng mga alamat ng mga tribo sa Mindanao ang labanan ng diyos ng kabutihan laban sa diyos ng kasamaan: sa mga Bukidnon – *Magbabaya* (mabuti) laban kay *Mangilala* (masama), sa mga Tagakaolo – *Melu* (mabuti) laban kay *Fiuweigh* (masama), at sa mga Bilaan – ang labanan sa pagitan ni *Melu-a* (mabuti) at *Tau Tana o Tao Dalom Tana* (masama) (Demetrio 1968, 76-78). Patunay na hindi monopolyo ng Kristiyanismo ang ideya na may labanang nagaganap sa pagitan ng puwersa ng kabutihan at kasamaan. Ito'y taal sa kosmolohiya at pananaw-mundo ng mga sinaunang Pilipino kaya naman hindi naging mahirap sa mga ninuno nating tangkilikin at isakonteksto ang pananampalatayang Kristiyanong dinala ng mga Kanluranin sa kapuluan.

Dapat ding pansinin ang paggamit at pagturing ng grupo sa "babae" bilang simbolismo ng bayan ng Diyos o iglesya. Ayon sa kilusan, isang birhen o malinis na "babae" ang kumakatawan sa bayan o iglesya ng Diyos. Kung bakit isang birheng "babae" ay sapagkat ang iglesya ng Diyos diumano ay ikakasal sa nobyo na walang iba kundi si Kristo gaya ng sinasabi sa awiting ito ng kilusan:

Ang iglesya'y may isang kinasasaligan,
Ito'y si JesuKristong sa kanya'y umaakay;
Nagbuhos ng dugo, buhay inialay,
Upang iglesya'y maging asawa N'yang banal.
(AP Blg. 264)

Binubuo ang iglesya ng mga kasapi na nakipagtipan sa Diyos sa pamamagitan ng rituwal ng binyag sa tubig (lublob). Inaari ng mga nabinyagan na namatay na ang luma (makasalanan) nilang pagkatao at ngayon, sila'y mga "bago nang nilalang." Katulad ng isang mapagkandiling ina, ginagampanan ng iglesya (ngayon ay isang kilusan sa paniniwala ng grupo) ang pag-aaruga, pagpapalaki, paggalang, pagkilala at paglilinang sa mga kakayanan at mga talento ng bawat kasapi bilang mga anak. Bilang isang pamilya, nagtuturingan ang bawat kasapi ng iglesya (kilusan) bilang magkakapatid at ang Diyos ang kanilang pinaka-Ama (simula noong 2004, sa "bagong liwanag" ng kilusan, si Kristo na ang "Ama" ng iglesya). Sa panayam na isinagawa ng may-akda, inaari ng mga kasapi ng KPA ang kanilang kinikilalang pinuno bilang "ispiritwal na ama" dahil sa matagal nang karanasan nito sa pag-aaral at pangangaral ng ebanghelyo. Inaasahan na bawat isa sa kanila ay lalakad sa lahat ng mga payo at utos ng Diyos araw-araw.

Ang ideyang ito sa "babae" bilang representasyon ng bayan ng Diyos o iglesya ay nakaugat din sa

kulturang Pilipino. Ang "babae" ay simbolo ng bayan – ng Inang Bayan sa mas malawak na kabuuan. Sa tradisyong Pilipino, taglay ng "babae" ang sinapupunang inaangklahan ng gampaning magbigay at mag-aruga ng buhay. Kung kaya't tuwiran siyang iniuugnay sa "Inang-Kalikasan" na may kaparis ding tungkulin at kakayanan. Dahil dito, pinaniniwalaang may angking kakayanan ang "babae" na maunawaan ang mga misteryo ng kalikasang nakaaapekto sa buhay-komunidad ng mga tao (Mangahas 1995, 16-18). Kaya ang mga babaylan – mga babaeng pari ang siyang naging pinakasentral na personahe sa sinaunang lipunang Pilipino sa larangan ng kalinangan, relihiyon, medisina at maging sa lahat ng uri ng teoretikal at praktikal na kaalaman hinggil sa mga penomenon ng kalikasan (Salazar 1999, 6-7). Sila ang nagiging tagapamagitan sa daigdig ng tao at mga ispiritu (ninuno at kalikasan). Mula sa usapin ng panganganak, pagpapagaling sa maysakit, gawaing pulitikal (gaya ng pangangayaw at pakikidigma), kabuhayan (agrikultura) hanggang kamatayan, ang mga babaylan ang kinokonsulta ng mga mamamayan. Kaya naman itinuturing silang "haligi ng sinaunang lipunan" kasama ng datu, bagani, at panday.

Kasinghalaga ng "babae" ang bigkis ng ina at anak sa katutubong panitikan. Halimbawa sa epikong *Hudhud hi Aliguyon*, nariyan ang ugnayan ni Aliguyon at ng kaniyang inang si Dumulao, at ni Pumbakhayon at ng ina niyang si Dangunay. Sa *Biag ni Lam-ang*, ang ugnayan ni Lam-ang at ng kaniyang inang si Namongan. Sa *Hinilawod* naman, si Anggoy Alunsina ang inang sumaklolo sa kaniyang mga apong sina Asu Mangga at Baranugun upang mailigtas ang kanilang amang si Labaw Donggon mula sa higanteng si Saragnayan. Sa epikong *Ulaging* ng mga Manobo, nagsisilbing tagapayo ni Agyu ang kaniyang inang si Undayag Daan Bai (Castro et al. mga pat. 1985, 19-62; 74-114; 128-194; 204-360 at Rodriguez-Tatel 2014, 219).

Sadyang malalim ang bigkis ng ina at anak sa kamalayan ng mga Pilipino noon pa mang dating panahon kaya't madali rin nilang natanggap ang kolonyal na teksto ng "Pasyon ni Kristo." Humalili sa katutubong anyo ng panulaan gaya ng epiko, nagayakan ang "Pasyon" ng napakaraming imaheng umapila sa katutubong sensibilidad. Pangunahin na rito ang imahen ng "Banal na Pamilya" bilang modelo ng pagkakaisa at solidaridad (Ileto 1989, 34). Sa imahen ng pamilyang ito sumandal ang imahen ng kapatiran (na pinasimulan at tinaguyod nina Hermano Puli, Andres Bonifacio at maging ng mga popular at milinaryang kilusang Pilipino hanggang sa panahong kasalukuyan) lalo na ang madamdaming ugnayang "ina – anak." Hindi kataka-takang naipasok din ng mga Pilipino ang Kristiyanong imahen nina Maria at Jesus bilang "banal na sagisag" ng Inang Bayan at mga anak ng bayan sa diskurso ng himagsikan at kalayaan noong ika-19 na siglo (Rodriguez-Tatel 2014, 214-237). Kung sa ganitong diskurso ginamit ang "babae" para sa simbolo ng Inang Bayan, hindi rin imposible na gamitin ng KPA ang simbolo ng "babae" para sa iglesya sapagkat kung tutuusin ang bayan o nasyon ay katulad din ng iglesya – isang mitolohikal na nilalang na tila relihiyong nakasalig sa mga simbolo upang magkaroon ng pagkakakilanlan at pagkabuo (Gawlikowski 1983, 10-37). At kung ang pinakarurok na mithiin at pangarap ng bayan (Inang Bayan – " babae") ay makamtan ang ganap na kalayaan at kaginhawaan, gayundin ang iglesya (bayan ng Diyos – "babae"), minimithi at pinapangarap nito ang tunay na kalayaan, kapayapaan, at kapahingahan gaya ng sinasambit ng mga linyang ito sa mga awitin ng kilusan.

> Sa gitna ng hirap at mga kalinggalan,
> Iglesya'y naghihintay ng kapayapaan;
> Hanggang sa paningin n'ya ay mal'walhatian,
> At iglesya'y magkamit ng kapahingahan. (AP Blg. 264)
>
> O ang langit na bayan! Bayan ng malalaya;
> Doo'y wala ng gabi, kundi umagang pawa;
> Sabik ako sa bayan, dito'y kalumbayan;
> Doo'y walang kahirapan na 'king pupuntahan.
>
> Kumakaway sa akin ang tumatahan doon;
> Kamatayan at lungkot do'y di lumilinggatong;
> Mahal na bayang langit! Payapa't tahimik!
> Kami, Jesus, doo'y ihatid ng iyong pag-ibig. (AP Blg. 183)

Samakatuwid, hindi rin kalabisang sabihin na ang paggamit ng kilusan sa simbolismo ng "babae" bilang iglesya o bayan ng Diyos ay nakaugat din sa tradisyong Pilipino na ang "babae" ay ginamit bilang metapora ng bayan o sa mas malawak na kabuuan – bilang Inang Bayan.

Higit sa lahat, para sa kilusan, ang iglesya ay hindi lamang isang banal na bayan o bansa na ginamitan ng

metapora ng isang "babae" (kasintahan ni Kristo) kundi tila isang "daong" o arka ng Diyos na pansamantalang naglalakbay dito sa sanlibutan ngunit ang tunay na patutunguhan ay langit na bayan. Sa daong (iglesya) na ito ng Diyos, nakasakay diumano ang mga banal, tapat at masunuring anak ng Diyos na nagdadala ng mga katotohanang ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila na kailangan nilang maibahagi sa mga tao sa panahon ng pangangaral. Ayon pa sa pinuno ng KPA, bawat sakay o pasahero ("repormador" ang turing din nila sa kanilang sarili) ay gumagawang magkakasama upang maisakatuparan ang programa at tungkuling itinakda ng Diyos sa Kaniyang huling iglesya (bayan ng Diyos) habang narito pa sa lupa. Ang ganitong dalumat sa iglesya bilang bayan ("babae) at "daong" (malaking sasakyang dagat) ay kahawig din sa dalumat ng "bangka" bilang tagapag-ugnay ng bayan, sasakyan ng kaluluwa at bilang babae sa pag-aaral ni Abrera (2002, 331-346). Ang bangka bilang anyong sakayan ay may ginagampanan sa pagbubuo ng bayan na ang ugnayang nagaganap ay hindi lamang sa larangang pisikal sa ibabaw ng lupa kundi sa ugnayang metapisikal sa buong sandaigdigan – langit, lupa, at ibaba. Sa mga rituwal kaugnay ng bangka, napatunayan ni Abrera na ito (bangka) ay nagsisilbing sakayan kapwa sa paglaot sa dagat at sa pagtungo ng kaluluwa sa kabilang daigdig at sa iba pang bahagi ng santinakpan. Ang "bangka" o sakayan katulad ng iglesya ("daong") ang nagbibigay ng isang pagbubuklod sa sinaunang barangay o bayan. At gaya ng iglesya ("daong") na may iisang simulain at adhikain, ang balanghay o "bangka" na may datu, babaylan, bagani, at panday ay may iisa ring pinagmulan at iisang patutunguhan. Nabanggit na rin sa unahan na ang "babae" ay ginamit na metapora sa bayan at iglesya, ngunit pinalakas pa ng pag-aaral ni Abrera mula sa paghahalukay niya ng mga kahulugan sa wikang Austronesyano na ang "bangka" o sakayan ay tinuring din bilang isang "babae" ng mga sinaunang Pilipino. Ang tapi na tabla sa paligid ng sakayan ay isang damit o tapis ng "babae," at ang isang dasal diumano sa panimula ng paggawa ng sakayan ay paghahambing ng sakayan sa ari ng "babae." May paniniwala naman daw na ang dagat ay kumakatawan sa lalaki. Sa madaling salita, kung magkatambal ang "bangka" (sakayan) at dagat, maaaring ituring sila na magkasintahan o mag-asawa kagaya rin ng isinisiwalat ng paniniwala ng KPA sa tambalan ng "iglesya"-"daong"-"babae" na ang nobyo ay si Kristo na isang lalaki.

## Kongklusyon

Siniyasat ng papel na ito ang pag-uugat ng mga praktis at paniniwala ng KPA sa lokal o katutubong kalinangang Pilipino. Partikular na itinampok ang pananaw-mundo (*weltanschauung*) at buhay-kultural ng kilusan na makikita sa kanilang bagong sistema ng pagsamba lalong-lalo na sa kanilang mga himno. Ginamit ang mga ito sa pagsipat ng kanilang kosmolohiya at pananaw-mundo *vis a vis* sa kosmolohiya at pananaw-mundo ng mga sinaunang Pilipino na nakasulat naman sa mga epiko at alamat ng huli. Ito ay sa dahilang, maaaninag ang pananaw-mundo ng mga sinaunang Pilipino sa kanilang mga alamat, epiko o awit, kuwentong bayan, at mga rituwal.

Pinatunayan ng saliksik na ang praktis at paniniwala ng KPA sa kanilang bagong sistema ng pagsamba ay nakaugat din sa katutubong kamalayan at kalinangang Pilipino o di kaya'y nagsanib ang banyaga/hiram na paniniwala't praktis na SDA sa katutubong paniniwala't praktis ng mga kasapi nito. Katulad ng mga milinaryang kilusang sumibol sa *Iglesia Romana Catolica*, ang mga milinaryang kasapi ng KPA na nagmula sa Iglesyang SDA sa Pilipinas ay gumamit din ng pagsasakonteksto ng mga doktrinang SDA. Sa kanilang paghiwalay sa *madre iglesia*, naging malaya silang gumawa ng sarili at bago nilang interpretasyon sa Bibliya na madalas ay malayo at taliwas na sa kinagisnang katuruan ng Iglesyang SDA. Masasabing isang pagsasalokal o pagpopook ng kanilang mga paniniwala o kaya'y pagsasakonteksto sa nakuha nilang mga paniniwalang galing sa labas ang pagbabagong ito sa sistema ng pagsamba ng KPA. Kung paanong ang katulad ng *Cofradia de San Jose* ni Apolinario de la Cruz o "Hermano Pule," *Guardia de Honor* ni Julian Baltasar alyas "Apo Laqui," *Santa Iglesia* ni Felipe Salvador alyas "Papa Ipe," at maging ang *Moncado Alpha and Omega* ni Maximino S. Guibernas alyas "Papa Guibernas" na mga milinaryang kilusang naitatag sa loob ng Simbahang Katoliko at may impluwensiya ng pananampalatayang Katoliko ay nagbunga ng pagsasalokal ng pananampalataya, ang kilusang pinag-aralan ay humantong din sa ganoong kalagayan. Bagama't ang kilusan ay nagmula sa Iglesyang SDA na isang *imported* na relihiyon sa Pilipinas, hindi naman ito masasabing bumalik lamang sa tradisyong SDA. Sa katunayan, ang mga pinaniniwalaang "bagong liwanag" ng kilusan ay ibang-iba na sa paniniwalang SDA noong ika-19 na

siglo at maging sa kasalukuyan. Samakatuwid, ang KPA ay nagpamalas ng tatak na natatangi lamang sa kaniya bilang isang kilusang milinaryang SDA na nabuo sa iba't ibang panig ng kapuluan.

Anumang banyagang kultura o paniniwalang pumapasok, ang mga ito'y palaging isinasakonteksto at binibigyan ng pagpapakahulugan ng mga taong tumatanggap. Ang pagtanggap sa banyagang kultura ay hindi laging buo, ito'y pinipili upang iangkop ang umiiral nang kinagisnan o panloob na kultura gaya ng tinuring ng namayapa nang Pilipinong antropolohista na si F. Landa Jocano:

> *It cannot be denied that the Filipino borrowed cultural traits from other people whom he came in contact with. But it is equally true that he did not borrow in toto. He was (and still is) highly selective in his borrowings. He modified what he has chosen from foreign traditions to suit his own way of thinking, believing and doing things. Thus, while he outwardly shows the influence of the West in his behavior, he remains Oriental in his worldview.* (Jocano 1975, xiii)

Samakatuwid, kung may pagsasama man ng "labas/dayuhang pananampalataya" sa "taal/loob na paniniwala" ng mga Pilipino, ang layunin nito'y upang iangkop ang kanilang sariling pag-iisip, pagkilos, at lalong-lalo na upang gawing makabuluhan ang kinagisnang paniniwala. Sa ganitong ritmo, umindak din ang KPA bilang isang milinaryang kilusang lumitaw sa Iglesyang SDA, bagaman hindi ganap na katulad ng mga naunang milinaryang kilusang lumitaw sa Simbahang Katoliko bunga ng mga nakuha nitong pananaw-mundo sa isang Protestanteng denominasyon.

Panghuli, inilantad ng pag-aaral na hindi lamang naganap/nagaganap ang pagsasakonteksto at pag-aangkop ng mga paniniwala sa loob ng Simbahang Katoliko kundi naganap/nagaganap din ito sa loob mismo ng iba pang relihiyon o denominasyon gaya ng Iglesyang SDA. Nagpapatunay lamang na hindi maaaring ihiwalay ang relihiyon o paniniwala sa kasaysayan at kultura ng mga tao.

## Mga Tala

1 Isa sa mga denominasyong Protestante ang Iglesyang Seventh Day Adventist (SDA) na ang mga kasapi dito sa Pilipinas ay kilala sa tawag na mga "Sabadista" dahil sa kanilang pagpapahalaga sa araw ng Sabado na itinuturing nila bilang sabbath (araw ng kapahingahan) at banal na araw. May pitong (7) haligi ng pananampalataya ang mga SDA: 1. makalangit na santuwaryo; 2. ikalawang pagbabalik ni Kristo; 3. sabbath; 4. mga mensahe ng tatlong (3) sinugong anghel ng Apocalipsis 14; 5. ispiritu ng hula; 6. kamatayan; at 7. milenyum. Naitatag ang iglesyang ito sa Battle Creek, Michigan, USA noong ika-21 ng Mayo 1863. Taong 1905, nakarating sa bansa ang kauna-unahang Amerikanong misyonerong SDA ngunit noong 1911 lamang nakapagtatag ng kauna-unahang Iglesyang SDA sa Santa Ana, Maynila. Nakapagtayo ang denominasyong ito ng mga paaralan, ospital, palimbagan, at nagkaroon ng mga programa sa radyo at telebisyon.

2 Ang ideya ng "huling nalabing iglesya" ay batay sa Apocalipsis 12:17. Para sa mga SDA, simula noong taong 1844, ang "huling nalabing iglesya" na may hawak ng dalisay na mga katotohanan mula sa Diyos ay ang kanilang iglesya.

3 Ang mga kaanib na nagsidalo sa mga camp meeting noong mga taong 1990 ay mula sa hanay ng mga church elder, layman, estudyante, at mga manggagawa ng denominasyong SDA.

4 Si Ellen G. White ang kinikilalang propeta ng Iglesyang SDA na ayon sa mga kasapi nito ay kinasihan ng Banal na Espiritu upang ipabatid sa "nalabing iglesya" ang mga mensahe ng "Ikatlong Sinugong Anghel" ng Apocalipsis. Sa mga Adbentista, ang mga aklat na isinulat ni White ay inaaring "Espiritu ng Hula" at tagapagpaliwanag ng mga nakasulat sa Bibliya ng mga Kristiyano.

5 Ang mga mangangaral na ito mula sa Estados Unidos ay mga Adbentistang Amerikanong misyonero na may mga kasamang Pilipinong Adbentista rin na galing sa Amerika. Itinuturing nila ang kanilang sarili bilang malalayang mangangaral sa loob ng Iglesyang SDA, subalit nang lumaon ay napag-alaman na itiniwalag sila ng kani-kanilang iglesyang kinabibilangan sa bansang Estados Unidos.

6 Ang mga *present truth* (kasalukuyang katotohanan) ay mga napapanahong pabalita at mga mensahe na kailangan diumanong maisabuhay ng mga tapat na kasapi ng Iglesyang SDA. Matatagpuan ang mga ito sa mga aklat at sulatin ni White.

7 Tumutukoy sa SDA *Church Organization* na ang liderato ay hirarkikal. Pinangangasiwaan ng *General Conference* mula sa Maryland, USA ang lahat ng sangay ng denominasyong SDA sa buong daigdig.

8 Marami sa mga kasapi ng grupo ay bumaba sa kabundukan at nagpasiyang bumalik sa dati nilang mga lugar at naghanap muli ng mapapasukang trabaho. May mga kasaping lumipat sa ibang grupo ng mga repormador gaya ng *Seventh Day Adventist Reform Movement* (SDARM) at SDA *Home Churches* na may mga organisasyon o pamunuan. Ang iba naman ay bumalik sa kani-kanilang dating kinaaanibang Iglesyang SDA.

Sa kanilang pagkabigo, sinisi ng mga umalis at tumalikod sa KPA si Bro. Urita at ang iba pang mga mangangaral ng kilusan at tinawag silang mga "mandaraya" at "bulaang propeta". Subalit sa mga naging tapat at nagpatuloy na mga kasapi, hindi mga "mandaraya" at "bulaang propeta" sina Bro. Urita at iba pa nitong mangangaral. Ang naranasan nilang mga pagkabigo, diumano, ay mga pagsubok lamang na ibinigay ng Diyos upang mahayag ang tunay na lakas ng bawat isa. Sa kasalukuyan, itinuturing ng mga tapat na kasapi ng KPA si bro. Urita bilang "sugo" ni Moises.

9 Maraming aspekto pa ang maaaring gamitin upang ugatin ang mga praktis at paniniwala ng KPA sa kalinangang Pilipino. Gayumpaman, dahil ginamit ng mananaliksik ang teorya ni Reyes (1973) hinggil sa pananaw-mundo ng mga Pilipino (naipaliwanag na sa unahan), sadyang umikot lamang ang naratibo at diskusyon sa bagong sistema ng pagsamba ng kilusan at ang mga ipinahihiwatig ng kanilang mga nalikhang himno.

10 "Isang Bagong Pagtanaw sa Animismo," isang sanaysay sa *Museo ng Kalinangang Pilipino, Diwa: Buhay, Ritwal at Sining* (Manila: CCP at Museo ng Kalinangang Pilipino, 1989), 34.

11 Ibid. 39.

## Sanggunian

Abrera, Maria Bernadette L. *Ang Numismatika ng Anting-Anting: Panimulang Paghawan ng Isang Landas Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*. Tesis Masterado, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1992. Print.

———. *Bangka: Isang Paglalayag Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangan*. Doktoradong Disertasyon, UP Diliman, 2002. Print.

Alaras, Consolacion R. *Pamathalaan: Ang Pagbubukas sa Tipan ng Mahal na Ina*. Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1988. Print.

Alcina, Francisco Ignacio (1668). *History of the Bisayan People in the Philippine Islands: Evangelization and Culture at the Contact Period,* Part 1, Book 1, Vol. 1. Isinalin sa Ingles mula Espanyol nina Cantius J. Kobak at Lucio Gutierrez. Manila: UST Publishing House, 2002. Print.

Almario, Virgilio S. punong pat. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Lungsod Pasig: ANVIL Publishing, Inc. 2010. Print.

Canceran, Delfo Cortina O.P. *A Pagan Face of God: Toward a Semiotics of Early Christianization in the Philippines, 1521-1665.* Manila: Rex Book Store. 1993. Print.

Castro, Jovita Ventura et al., mga pat. *Antolohiya ng mga Panitikang ASEAN: Mga Epiko ng Pilipinas.* Lungsod Quezon: APO Production Unit, Inc. 1985. Print.

Covar, Prospero R. *Iglesia Watawat ng Lahi: A Sociological Study of a Social Movement*. MA Thesis, Graduate School, University of the Philippines Diliman, 1961. Print.

———. "Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino." *Professorial Chair Papers, Series No. 95-4*. CSSP Publications, College of Social Sciences and Philosophy, UP-Diliman, 1995. Print.

———. "Potensiya, Bisa, at Anting-anting." Matutunghayan sa http://asj.upd.edu.ph/mediabox/archive/ASJ-18-1980/covar.pdf. na inakses noong 9 Marso 2015. Print.

Damsteegt, P. Gerard. *Foundations of the Seventh-day Adventist Message and Mission.* Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1977. Print.

Demetrio, Francisco S.J. "Creation Myths Among the Early Filipinos." *Asian Folklore Studies*, Vol. 27, No. 1, 41-79. 1968. Print.

Enriquez, Virgilio G. at Amelia B. Alfonso. "Ang Pananaw sa Buhay at Weltanschauung na Mahihiwatigan sa Sikolohiya ng Wikang Tagalog." *Asian Studies Journal* Vol. 18, April-August-December, 1980. Print.

Gawlikowski, Krzysztof. "Nation: A Mythological Being." Sa Wolfram Eberhard, Krzysztof Gawlikowski, Carl-Albrecht Seyschab, eds. *East Asian Civilizations - New Attempts at Understanding Traditions*, Vol. 2, "Nation and Mythology", Muenchen: Verlag Simon and Magiera, 1983. Print.

Jocano, F. Landa. *Philippine Pre-history: An Anthropological Overview of the Beginnings of Filipino Society and Culture*. Quezon City: Philippine Center for Advanced Studies, 1975. Print.

——— ed. *The Philippines at the Spanish Contact: Some Major Accounts of Early Filipino Society and Culture.* Manila: MCS Enterprises, 1975. Print.

Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1989. Print.

"Isang Bagong Pagtanaw sa Animismo." *Museo ng Kalinangang Pilipino, Diwa: Buhay, Ritwal at Sining*. Manila: CCP at Museo ng Kalinangang Pilipino, 1989. Print.

Kobak, Cantius J., OFM. "Ancient Pre-Hispanic Concept of Divinity, the Spirit-World Sacrifices, Rites and Rituals Among the Bisayans in the Philippines." *Philippiniana Sacra*, Vol. 37, No. 111, September – December, 2002. Print.

Lasco, Lorenz. "Mga Dahilan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon." *SALIKSIK E-Journal* Tomo 3, Bilang 1, Agosto 2014. Nakalimbag (E-Journal).

Loarca, Miguel Lopez de. "Relation of the Filipinas Islands of the Inhabitants of the Pintados Islands and their Mode of Life" sa Blair, Emma Helen and James Alexander Robertson (BR). *The Philippine Islands 1493-1898.* Vol. 5. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909. Print.

Mangahas, Fe B. "Ilang Tala Hinggil sa Teorya o Perspektiba sa Papel ng Kababaihang Pilipino sa Rebolusyon" sa *Ikatlong Pambansang Kumperensya Para sa Sentenaryo ng Rebolusyong 1896*. Baguio City: University of the Philippines College Baguio, 1995. Print.

Mercado, Leonardo N. SVD. *Christ in the Philippines*. Tacloban City: Divine Word University Publication, 1982. Print.

Ocampo, Nilo S. *Kristong Pilipino: Pananampalataya kay Jose Rizal.* Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan, 2011. Print.

Plasencia, Juan de. 1589. "Customs of the Tagalogs" sa BR *The Philippine Islands*, Vol. 7, 1903-1909. Print.

Quibuyen, Floro C. "And Woman Will Prevail Over Man:" Symbolic Sexual Inversion and Counter-Hegemonic Discourse in Mount Banahaw, The Case of the Ciudad Mistica De Dios." *Philippine Studies Occasional Paper* No. 10, Center for Philippine Studies, School of Hawaiian, Asian and Pacific Studies, University of Hawaii at Manoa, 1991. Print.

———. "Paghihintay sa Kristong Pilipino." *Diliman Review*, Vol. 27, No. 2, April – July, 1979. Print.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. "Dalumat ng 'Inang Bayan' at Ang Pananaw ni Andres Bonifacio sa Kababaihan." *SALIKSIK E-Journal*, Tomo 3, Blg. 2, Nobyembre 2014. Nakalimbag (E-Journal).

Reyes, Ramon C. "Sources of Filipino Thought." *Philippine Studies* Vol. 21, No. 4, 1973. Print.

Salazar, Zeus A. "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas." *Bagong Kasaysayan* Lathalain Blg. 4. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999. Print.

———. "Si Andres Bonifacio at Ang Kabayanihang Pilipino." *Bagong Kasaysayan*, Lathalain Blg. 2. Lungsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997. Print.

———. "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino." Sa Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza, mga pat. *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: UP Press, 1996. Print.

Teodoro, Noel V. at Mary Jane B. Rodriguez. "Aralin 5: Ang Bayan Hanggang sa Pagkabuo ng Sultanato" sa *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*. Lungsod Quezon: ADHIKA ng Pilipinas, Inc., 2005. Print.

Villan, Vicente C. "Ilub, Unong, at Amok: Pag-unawa sa Katatagan ng Buut ng mga Bayani sa Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898." *DIWA E-Journal*, Tomo 1, Bilang 1, Nobyembre 2013. Nakalimbag (E-Journal).

## Mga Panayam

- Lider ng Kilusan (Bro. Jonathan R. Urita) sa tahanan nito sa Alsam, Tayabas, Quezon noong 26 Disyembre 2014 – 2 Enero 2015. Hanggang sa kasalukuyan, dumadalo ang mananaliksik sa mga *Sabbath Fellowship* at *camp meeting* ng KPA at patuloy na gumagawa ng mga panayam.
- Ilang Piling Kaanib ng Kilusan. Isinagawa ang mga panayam sa tatlong *country living sites* ng KPA: 1. Alsam, Tayabas, Quezon noong 26 Disyembre 2014 – 2 Enero 2015; 2. Sitio Malani, Bgy. Anupul, Dapdap, Bamban, Tarlac noong 26 Enero – 9 Pebrero 2015; at 3. Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur noong 22 Pebrero – 8 Marso 2015.

## Iba pang Sanggunian

- *Ang Banal na Kasulatan*. Philippine Bible Society, 1982. Print.
- *Mga Awit sa Pagsamba* ng KPA. Print.